やさしい　にほんごで　ぼうさいかるた」よみふだ

Mga babasahing baraha na “Karuta” para sa pag-iwas sa sakuna gamit ang simpleng wikang Hapon.

あんしんは　ひごろのよういで　ふえていく

Ikaw ay mas magiging panatag, kung ikaw ay laging handa para sa pag-iwas sa sakuna.

171　でんごんダイヤル　わすれずに

Huwag kalimutan ang voice message dialing service na ‘171’, dito maaaring mag-iwan at makinig ng mensahe tungkol sa inyong sitwasyon at kaligtasan sa oras ng kalamidad.

うちのなか　ころばぬように　かたづける

Clean up our room so that we don't fall.

Siguraduhing maayos ang pagkakalagay ng mga gamit sa bahay upang makaiwas sa aksidente.

AED　（えーいーでぃー）どこにあるかな　しってるかい？

Alam mo ba kung nasaan ang AED? Ginagamit ang AED para tulungan ang taong, nawalan ng malay at biglang tumigil ang tibok ng puso. Makikita ito sa sa mga paaralan at malalaking tindahan.

おとなりさん、こえをかけあう　だいじだね

Mahalagaang makisama nang mabuti sa mga kapitbahay.

かわあそび　ライフジャケット きていこう

Siguraduhin maayos pagkakasuot ng life Jacket kapag naglalaro sa ilog.

きゅうすいしゃ　おみずをくれる　くるまです。

Nagbibigay ng maiinom na tubig ang mga water truck kapag may sakuna.

くるまのガソリン　はやめにいれよう

Kapag kalahati na lang ang gasolina ng sasakyan,lagyan kaagad ito ng gasolina.

げんかんに　せいかつようすい　ポリタンク

Magandang mag imbak ng tubig sa bungad ng bahay na maaring gamitin sa pang- araw araw na gawaing bahay, Hiwalay ito sa tubig na panginom.

こうずいは　みずがかわから　ながれます

Translation 1 (For the above sentence)　Kapag bumaha, maaaring umapaw ang ilog at pumasok ang tubig sa lungsod.

Translation 2-　Kapag bumaha, maaaring umapaw ang ilog at pumasok ang tubig sa lungsod. Minsan, umaapaw ang tubig sa mga kanal at nagdudulot din ito ng baha.

みずが、どうろのうえに、あがってくる「ないすいはんらん」も、こうずいです。

Ang "pagbaha sa loob ng bansa," kung saan ang tubig ay umaakyat mula sa mga imburnal patungo sa lupa, ay isa ring uri ng baha.

さいがいじ　あつまるばしょをきめておこう
Magpasya kasama ang pamilya kung saan magkikita kapag may sakuna.

しやくしょで　もらっておこう　ハザードマップ
Kumuha ng hazard map sa city hall. Makikita dito ang mga delikadong lugar at mga lugar na maaaring puntahan kapag may sakuna.

すぐはいろう。じしんがおきたら　つくえのしたへ
Kapag may lindol, agad na sumilong sa ilalim ng mesa.

せかいでは　にほんはじしんが　おおいくに
Ang Japan ay isa sa mga bansang pinakamadalas
tamaan ng lindol sa mundo.

それぞれの　がっこうにある　ぼうさいそうこ
May imbakan ng mga gamit para sa sakuna sa bawat paaralan. Sa ibang lugar, mayroon din nito sa mga parke o community center.

たんすには　かなぐ や つっぱり　たおれない
Lagyan ng bracket o tension rod ang mga kabinet para hindi ito matumba.

やさしいにほんごでぼうさい普及委員会

ちょうないかい　ひなんくんれん　さんかしよう

Sumali sa evacuation drill ng inyong komunidad.

つうがくろ　きけんなところを　しらべよう

Alamin ang mga mapanganib na lugar sa paligid ng paaralan.

ていでんは　でんきがつかなくなることです

Ang (Teiden) ay nangangahulugan ng pagkawala ng kuryente.

どのへやも　かいちゅうでんとう　おいておく

Maglagay ng flashlight sa bawat silid

なによりも　にげるがいちばん　ひなんしじ

Kapag may anunsyo ng paglikas mula sa radyo o telebisyon (“Hinanshiji”). Lumikas kaagad.

にんげんは　からだがひえると　きけんです

Delikado para sa tao kapag nilalamig ang katawan.

ぬるぬるする　かわはきけんだ　ちかづかない

Mainam na umiwas sa mga ilog, dahil ito ay madulas at delikado.

ねんのため　おふろのみずは　ためておこう

Mag-imbak ng tubig sa Bathtub. Mag-ingat kapag may maliliit na bata, dahil maaring maging sanhi ito ng pagkalunod.

のみみずを　さいていみっか　よういする

Mag-imbak na maiinom na tubig para sa tatlong araw.

ばんそうこう　きゅうきゅうセットも　わすれずに

Maglagay ng benda at mga pangunang lunas sa emergency bag.

ひなんじょで　みんなでささえる　たすけあい

Magdamayan at magtulungan tayo sa mga evacuation center.

ふっきゅうとは　うごかないのが　なおること

(Ang Fukkyu (Restorasyon) ay kapag ang isang bagay na nasira o hindi gumagana ay naayos at gumana ulit.

ヘルメット　おちるものから　あたまをまもる

Ang helmet ay proteksyon sa ulo laban sa mga nahuhulog na bagay.

ホイッスル　いつもかばんに　いれておこう

Laging magdala ng pito. Kapag may sakuna, gamitin ito upang mapag-alaman ng iba ang iyong lokasyon.

マスクする　ほこりやウイルス　　ふせぐため

Magsuot ng mask para proteksyon laban sa alikabok at virus.

みえるばしょ　よういしておく　ぼうさいバッグ

Palaging ilagay ang iyong emergency bag sa isang lugar na madaling makita.

むりょうとは　おかねがいらない　ことですよ

Ang ibig sabihin ng 「Muryou」 ay libre.

めじるしは　おうちにはいるよ　ひなんじょは

Ang “Hinanjyo” ay isang ‘simbolo’ na makikita sa mga building na nagtutukoy na ito ay isang ‘Evacuation cente’r kung saan maaring manatili kapag may kalamidad.

モバイルの　でんちもいれよう　ぼうさいバッグ

Maglagay ng power bank sa emergency bag.

やさしいにほんご　はなしてみよう　ともだちと

Makipag-usap sa mga kaibigan gamit ang simple at madaling wikang Hapon.

ゆかのうえ　けがしないよう　くつをはく

Maglagay ng sapatos malapit sa higaan para hindi makatapak ng basag na salamin kapag may lindol.

よなかでも　じしんそくほう　あわてずに

Huwag mataranta kapag may babala ng lindol sa hatinggabi.

やさしいにほんごでぼうさい普及委員会

ラジオから　きんきゅうそくほう　きいておく

Makinig sa mga pinakabagong balita tungkol sa mga sakuna sa radyo.

リュックには　れんらくさきも　いれておこう

Maglagay ng name tag na may buong pangalan, blood type, at numero ng taong tatawagan sa inyong emergency bag.

るすのとき　でんきやガスは　けしたかな

Siguraduhing patayin ang kuryente at gas kapag umalis ka ng bahay.

レトルトや　かんづめかくにん　しょうひきげん

Regular na tingnan ang expiration date ng mga retort food at mga de-latang pagkain na nakahanda para sa sakuna

ローリングストック　たべたらよういひじょうしょく

Mag-imbak ng pagkain para sa sakuna. Kapag may kinain,palitan agad ng bago. Ito ang tinatawag na “rolling stock”.

わすれない　いつもこころに　ぼうさいを

Laging isaisip ang paghahanda sa sakuna, dahil maaari itong mangyari anumang oras.

やさしいにほんごでぼうさい普及委員会

ようい　を　しよう　ぼうさいの

Sama-sama tayong maghanda para sa sakuna.

Mahalaga ang mga emergency bag, mask, helmet, tubig at mapa para sa oras ng sakuna. Gayundin ang suporta mula sa mga kaibigan at pamilya para sa pag-iwas sa kalamidad.

あんぴとは　げんきでいるかが　わかること

Ang “Anpi” ay nangangahulugan ng pag-alam kung ligtas and isang tao.